


MTB-MLE

Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Salitang Magkatugma



MTB-MLE – Unang Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikalawang Markahan – Modyul 3: Mga Salitang Magkatugma
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Maria Florentina L. Paguia
Editors:	Marivi B. Oriane, Ruth D. Agustin, Myrna C. Damgasin Janette P. Suguitan, Marites S. Mendez, Lerma V. Gumpal Raquel A. Abu, Jun-Jun R. Ramos, Mark-Jhon R. Prestoza
Tagasuri:	Marivi B. Oriane, Maria Geraldine L. Bermudez
Tagalapat:	Antionette D. Sacyang, Emmanuel Roman G. Monterubio
Tagapamahala:	Benjamin D. Paragas Jesse L. Amin Octavio V. Cabasag Rizalino G. Caronan James D. Pamittan Romel B. Costales Rodrigo V. Pascua Mariatess B. Baquiran Maria Cristina A. Acosta Maria Geraldine G. Lastra-Bermudez

Inilimbag sa Pilipinas ng

Department of Education – Region II

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500

Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728

E-mail Address: region2@deped.gov.ph

MTB-MLE

Ikalawang Markahan –Modyul 3:
Mga Salitang Magkatugma

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito. Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Ang modyul na ito ay inihanda upang higit na malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral. Ito ay magsisilbing gabay mo para sa iyong pag-aaral. Aakayin ka nito upang mag-aral sa tulong ng mga aralin at pagsusulit. Matutulungan ka upang higit na hangaan at maging kasiya-siya ang iyong pag-aaral sa asignaturang Mother Tongue sa Unang Baitang.

Ang modyul na ito ay may mga gawaing makatutulong sa iyo upang makapagpunan ng salitang magkatugma upang mabuo ang awit, tula at iba pangpanitikan.

Pagkatapos mong gamitin ang modyul na ito ikaw ay inaasahang:

- makikilala ang mga salitang magkatugma;
- makapagpupunan ng mga salitang magkatugmaupang mabuo ang tula, awit at iba pang panitikan; at
- makasusunod sa mga nakasulat na panuto.



Subukin

Basahin ang tula sa ibaba kasama si nanay. Pagkatapos ay sagutin ang mga tanong nang pasalita.

Buhay Bahay Sagip Buhay

Ang panahon ngayon ay ibang-iba naPaglabas ng bahay pinagbabawal naTanong ng karamihan paano na?

Hanggang kailan ang ganitong sistema?

Ang pananatili lagi sa bahay
Nakapagliligtas ng maraming buhay
Huwag kang lumabas bilin ni tatay Maghugas ka ng kamay paalala ni nanay



Sa buong mundo pangamba ang bumabalot Dulot ng pandemiya na sa kasalukuyan ay salot
Mga batang dati ay nasa lansangan
Ngayon ay balot ng takot at alinlangan



Isa lang ang dapat nating lapitan
Siya ang Diyos hari ng sanlibutan
Tayo ay manalig at patuloy na maniwala
Sa kanyang proteksyon,pag-ibig at pagpapala.

Magbigay ng mga salitang magkakatatugma mula sa tula. Sabihin ito nang malakas.

Mga Salitang Magkatugma



Balikan

Piliin sa **Hanay B** ang tinutukoy ng mga larawan nanasa **Hanay A**.
A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

Hanay A

1.



2.



3.



4.



5.



Hanay B

a. tatay

b. nanay

c. bata

d. kamay

e. bahay

f. bukid



Tuklasin

Buuin ang tula gamit ang mga salita na nasa loob ng kahon.
Isulat ang tamang sagot sa isang malinis na papel.

mamamayan

bagyo

selebrasyon

masilayan

tayo

mundo

Sa Aming Bayan

Nangingibabaw ang pagmamahalan
Sa kapwa tao at sa bayang sinilangan
Tulong-tulong ang mga (1) _____
Kami'y palaging nagbibigayan



Kung may okasyon
Lahat nagtitipun-tipon para sa (2) _____ Ngiti ay (3) _____
Sa mukha ng bawat mamamayan

Hindi man magkakadugo Nagkakaisa kami rito
Dumaan man ang mga problema't
bagyo
Kami'y nagtutulungan dito



Ikaw at ako
Sama-sama(4) _____
Sa pag-unlad ng bayang ito
Ating ipagmalaki sa buong (5) _____




Suriin

Pagkatapos ng mga iba't ibang gawain na napag-aralan ninyo ng nanay o tatay mo, alam mo na ba ang tawag sa mga salitang magkasintunog ang hulihan?

Kaya mo na bang magbigay ng mga halimbawa? Tumingin ka ng tatlong mga bagay sa loob ng inyong bahay na magkatugma. Sabihin ito nang malakas.

Ano ang naramdaman mo habang ginagawa mo ito kasama ang iyong nanay o tatay?



Pagyamanin

Gawain A

Ibigay ang katugma ng salitang may salungguhit, gamit ang mga larawan. Isulat ang sagot sa malinis na papel

1. Pula ang kulay ng  _____.
(ginagamit sa pag-aayos ng buhok)

2. Dilaw ang kulay ng  _____
(nagbibigay ng liwanag tuwing araw)

3. Ang langaw ay nasa ilong ng  _____.
(kaibigan ng magsasaka)

4. Ilagay sa kahon ang mga  _____.
(kulay berdeng nasa puno ng kahoy)



5. Si tatay ang katuwang ni _____.(siya ang ilaw ng tahanan)

Gawain B

Isulat sa malinis na papel ang mga salitang magkatugma sa bawat bugtong.

1. Ang puno'y nasa gubat
Ang kataway nasa dagat
2. Lumuluha'y walang mata
Lumalakad na walang paa
3. Narito si Katoto
May dala-dalang kubo
4. Tumakbo si Kaka
Nabiyak ang lupa
5. Dugtong-dugtong nagkakarugtongTanikalang
humuhugong



Isaisip

Ang salitang magkatugma ay mga salitang magkasintunog sa hulihan o magkapareho ang tunog sa dulo kapag binigkas ito. Magkaparehas man ang tunog, ang mga salitang magkatugma ay magkaiba angkahulugan. Kadalasan, ginagamit ang mga ito sa ilang panitikan at sa mga kanta. Ito ay dahil madali silangmaisaulo at magandang pakinggan.

Halimbawa:

bayan – ayan
isa – asa

bola – lola
laso - paso



Isagawa

Piliin ang katugma ng mga larawan na nasa **Hanay A** mula sa **Hanay B**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa isang malinis na papel.

Hanay A

1.



bola

2.



dahon

3.



ibon

4.



talong

5.



kutsara

Hanay B

a.




gitara

b.



sabon

c.



kahon

d.



pala

e.



gulong



Tayahin

Punan ang patlang ng katugmang salita mula sa mga salitang nakapaloob sa mga larawan. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

bakuran	buhay	dinidiligan
halaman	okra	pagmasdan

Sa Aming Bakuran

Himig: Leron-Leron Sinta

Dito sa aming bayan

Kay gandang (1) _____

Tanim na halaman

Sa aming (2) _____

Talong, kalabasa sitaw saka (3) _____

Sari-saring gulay

Pampahaba ng (4) _____

Sa aming bakuran

May maraming halaman

Araw-araw nadadaan

Kaya aking (5) _____



Karagdagang Gawain

Isulat ang pangalan ng mga larawan upangmakabuo ng salitang magkatugma.

1.





2.





3.





4.





5.







Susi sa Pagwawasto

Sagot sa Karagdagang Gawain 1. nanay-tinapay 2. buko-siko 3. kalesa-kalsada 4. palaka-baka 5. suklay-bahay	Sagot sa Tayahin 1. Pagmasdan 2. bakuran 3. okra 4. buhay 5. dinidiligang	Sagot sa Isagawa 1. d 2. c 3. b 4. e 5. a
Sagot sa Pagyamanin Gawain B 1. gubat-dagat 2. mata-paa 3. kato-kubo 4. kaka-lupa 5. nagkakaru tong-humuhugong	Sagot sa Pagyamanin Gawain A 1. suklay 2. araw 3. kalabaw 4. dahon 5. nanay	Sagot sa Suriin Tanggapin lahat ng maaaring maging tamang kasagutan ng bata.
Sagot sa Tuklasin 1. mamayan 2. selebrasyon 3. masilayan 4. tayo 5. mundo	Sagot sa Balikan 1. b 2. a 3. d 4. e 5. c	Sagot sa Subukin. 1. bahay-buhay 2. tatay-nanay 3. bumabalo-t-salo 4. lansangan- 5. lapitan-sanlibutan

Sanggunian

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Learner's Materials, 2019

Department of Education. Mother Tongue Based-Multilingual Education Teacher's Guide, 2016

Department of Education. "K To 12 Most Essential Learning Competencies With Corresponding CG Codes". Pasig City: Department of Education Central Office, 2020

Mother Tongue-Based Multilingual Education pahina, 104-109.

MatoomMi, House Clipart Family 2829533, WebStockReview.

<https://webstockreview.net/image/clipart-family-home/2829533.html>.

Frontliners Images, Freepik.com. <https://www.freepik.com/free-photos-vectors/frontliners>

Shopgirl Jen. March 4, 2019.

<http://www.shopgirljen.com/2019/03/be-multi-tasking-mom-with-zero-worries.html>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-
BLR) Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph